



Mga hakbang na nakatutulong sa pagpapanatiling malinis ng isang komunidad

Tinatawag na ni Yusef Walker na tahanan ang Vallejo mula pa noong 1997, at nanirahan siya sa komunidad ng Northgate noong 2011. Bagama't ang pangunahing trabaho niya ay nasa seguridad, nagkaroon siya ng layunin na buong pusong panatilihin ang kanyang lokal na komunidad.

Tulad ng marami, nagsimula rin siyang magtrabaho mula sa bahay noong mga 2020, na nagbago sa kanyang pang-araw-araw na gawain. Mas madalas na siyang naglakad sa kanyang komunidad, at ginawa niyang pagkakataon ang isang routine na pag-eehersisyo nang mag-isa upang makatulong sa pangangalaga ng komunidad.

Sa isa sa mga paglalakad na ito, nakasalubong niya ang isang nakatatandang mag-asawa na may dalang mga pamulot ng basura. Ang nagsimula bilang biglaang pagkikita ay mabilis na nauwi sa isang pagkakaibigang



*Tampok ng
Komunidad*

kanyang katawan kapag ilang araw siyang hindi nakalabas.

Kung minsan, may iba pang kapitbahay na nakikilahok, na nagiging sama-samang pagsisikap upang mapanatiling malinis ang mga kalye. Gayunpaman, nariyan pa rin ang hamon.

Kapag nakakita si Yusef at ang kanyang mga kapitbahay ng mas malalaking itinapong basura, tulad ng mga kutson, inaako nila ang responsibilidad na tiyaking maitatapon nang maayos ang mga ito.

MAGDAOS NG SARILI MONG PAGLILINIS NG KOMUNIDAD

Ang mga may-ari ng property sa Vallejo ay maaaring kwalipikadong mag-apply para sa isang libreng dumpster kasama ang 4 pang kapitbahay. Makikita ang application at mga kinakailangan sa website ng Lungsod ng Vallejo sa pamamagitan ng paghahanap ng "Free Neighborhood Dumpster Program."

MALIGAYANG ANIBERSARYO, RECOLOGY VALLEJO!

Ipinagmamalaki at ipinagpapasalamat namin ang pagdiriwang ng aming ika-100 taon bilang tagapagbigay ng serbisyo sa pagreresiklo, pagko-compost, at pagkolekta ng basura sa Vallejo.

Itinatag nina Tony at John Zunino ang Vallejo Garbage Service noong 1926. Ang unang disposal site ay malapit sa Highway 37 at Sacramento Street.

Noong 1982, ang negosyo ay binili ng Golden Gate Disposal na nakabase sa San Francisco at naging bahagi ito ng Norcal Waste Systems, Inc. Inilipat ang lokal na operasyon sa aming kasalukuyang lokasyon sa Broadway.

Noong 2009, pinalitan ng Norcal ang pangalan nito at ginawang Recology upang maisalamin ang pamumuno nito sa industriya ng resource recovery.

Umaasa ang Recology Vallejo na magkaroon ng marami pang taon ng pagtulong sa mga residente at negosyo upang mapanatiling malinis ang ating komunidad.



MGA ALITUNTUNIN SA PAGKOLEKTA NG MALALAKING BASURA

Kwalipikado para sa hanggang 4 na libreng Pagkolekta ng Malaking Basura bawat taon ang bawat tirahan na pang-isang pamilya sa Vallejo. Maaaring mag-iskedyul ng karagdagang pagkolekta kapalit ng bayad.



Ang Pagkolekta ng Malaking Basura mula sa tirahan na pang-isang pamilya ay katumbas ng 2 cubic yards (3ft x 3ft x 6ft): humigit-kumulang 12, 32 galong mga bag ng basura at 3 malaking item, tulad ng mga muwebles, kutson, o appliance. May mga singil sa pagtanggap ng Freon.

Maaaring tanggapin ang e-waste sa isang kahong bukas ang itaas.

Dapat magsumite ng detalyadong listahan ng mga item at dapat itong makumpirma ng aming team sa Pagkolekta ng Malaking Basura. Kung iba ang mga item na inilabas mo, dapat mong tawagan ang opisina upang ipaalam sa amin kung ano ang maaari naming kunin. Kung may makita kaming mga karagdagang item, maaaring hindi namin maisagawa ang pagkolekta para sa iyo.

Maaaring mag-iskedyul ng hanggang 2 sa iyong mga pagkolekta sa parehong araw, ngunit dapat iiskedyul ang anumang karagdagang pagkolekta sa ibang araw. Pakitandaan na ang mga pagkolekta ay iniiskedyul lamang sa regular na araw ng pagseserbisyo sa iyo.

Upang mag-iskedyul ng Pagkolekta ng Malaking Basura, tumawag sa **707.552.3110** o mag-email sa **vallejocustomerservice@recology.com**.



HINDI TINATANGGAP

Mapanganib na basura: mga kemikal, pintura, baterya, matutulis na bagay, gamot



Mga
pinagtabasan sa
bakuran



Mga likido



PAGHINTO NG PAGSESERBISYO DAHIL SA BAKASYON


Kung nagpapalano kang magbakasyon o mawawala sa bahay nang matagal, maaari mong ilagay ang iyong account sa vacation hold.

Maaari mo itong hilingin nang hindi bababa sa dalawang linggo bawat pagkakataon, hanggang tatlong beses bawat taon, na may kabuuang maximum na anim na linggo bawat taon.

Upang magsimula ng paghinto ng pagseserbisyo, mag-email sa **vallejocustomerservice@recology.com** o tawagan ang aming opisina sa **707.552.3110**.

MAGILIW NA PAALALA:

ILABAS NANG TAMA ANG MGA CART



Pakilagay ang iyong mga cart sa gilid ng kalsada, na may layong 3 talampakan sa isa't isa at sa iba pang hadlang sa araw ng pagseserbisyo sa iyo.

Nagbibigay ito ng sapat na espasyo para makuha ng mga collection truck ang iyong lalagyan nang hindi nakakasira ng ibang ari-arian at upang maalisan ito ng laman nang maayos.

**MAKIPAG-UGNAYAN
SA AMIN!**

Se Habla Español
Nagsasalita kami ng Tagalog

Recology Vallejo American Canyon
2021 Broadway Street
Vallejo, CA 94589

707.552.3110 *Lunes hanggang Biyernes, 8 AM – 5 PM*
recology.com/vallejo
facebook.com/recologyvallejoamericancanyon